# *Ang Talinghaga ng mga Manggagawa sa Ubasan*

***"1 Sapagka't ang kaharian ng langit ay tulad sa isang tao na puno ng sangbahayan, na lumabas pagkaumagang-umaga, upang umupa ng manggagawa sa kaniyang ubasan. 2At nang makipagkasundo na siya sa mga manggagawa sa isang denario sa bawa't araw, ay isinugo niya sila sa kaniyang ubasan. 3At siya'y lumabas nang malapit na ang ikatlong oras, at nakita ang mga iba sa pamilihan na nangakatayong walang ginagawa; 4At sinabi niya sa kanila, Magsiparoon din naman kayo sa ubasan, at bibigyan ko kayo ng nasa katuwiran. At nagsiyaon ng kanilang lakad sa ubasan. 5Lumabas siyang muli nang malapit na ang mga oras na ikaanim at ikasiyam, at gayon din ang ginawa. 6At lumabas siya nang malapit na ang ikalabingisang oras at nakasumpong siya ng mga iba na nangakatayo; at sinabi niya sa kanila, Bakit kayo'y nangakatayo rito sa buong maghapon na walang ginagawa? 7At sinabi nila sa kaniya, Sapagka't sinoma'y walang umupa sa amin. Sinabi niya sa kanila, Magsiparito din naman kayo sa ubasan. 8 At nang dumating ang hapon, sinabi ng panginoon ng ubasan sa kaniyang katiwala, Tawagin mo ang mga manggagawa, at bayaran mo sila ng kaupahan sa kanila, na mula sa mga huli hanggang sa mga una. 9At paglapit ng mga inupahan nang malapit na ang ikalabingisang oras ay tumanggap bawa't tao ng isang denario. 10At nang magsilapit ang mga nauna, ang isip nila'y magsisitanggap sila ng higit; at sila'y nagsitanggap din bawa't tao ng isang denario. 11At nang kanilang tanggapin ay nangagbulongbulong laban sa puno ng sangbahayan, 12Na nangagsasabi, Isa lamang oras ang ginugol nitong mga huli, sila'y ipinantay mo sa amin, na aming binata ang hirap sa maghapon at ang init na nakasusunog. 13Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa isa sa kanila, Kaibigan, hindi kita iniiring: hindi baga nakipagkayari ka sa akin sa isang denario? 14Kunin mo ang ganang iyo, at humayo ka sa iyong lakad; ibig kong bigyan itong huli, nang gaya rin sa iyo. 15Hindi baga matuwid sa aking gawin ang ibig ko sa aking pag-aari? o masama ang mata mo, sapagka't ako'y mabuti? 16Kaya't ang mga una'y mangahuhuli, at ang mga huli ay mangauuna." (Mateo 20:1-6)***

Si Jesus ay nagsalitang ng isa pang talinghaga tungkol sa Kaharian ng Diyos. ***"1 Sapagka't ang kaharian ng langit ay tulad sa isang tao na puno ng sangbahayan, na lumabas pagkaumagang-umaga, upang umupa ng manggagawa sa kaniyang ubasan. 2At nang makipagkasundo na siya sa mga manggagawa sa isang denario sa bawa't araw, ay isinugo niya sila sa kaniyang ubasan." (Mateo 20:1-2)*** Narito ang puno ng sangbahayan ay lumabas nang maagang maaga upang umupa ng manggagawa sa kanyang ubasan, para magtrabaho at gawin ang gawain ng Diyos. Ang Diyos ay naghahanap ng mga manggagawa sa Kanyang ubasan upang gawin ang Kanyang mga gawain at ministerio. Ikaw ay tinatawag Niya na maging mga manggagawa sa Kanyang mga gawain at paglilingkod. Ang mga manggagawa ay may malasakit na gawin ang pinaka mahirap na gawain at huwag ituon sa ibang mga bagay. Sila'y nakatuon na gawin ang gawain at hindi tungkol sa gaano kalaki ang kanilang iniaalay at kung gaano ang kailangan nilang magtrabaho at kung magkano ang nakukuhang bayad ng iba. Ang puno ng sangbahayan ay inalok ang unang pangkat na kanyang uupahan ng isang denario kada araw. Ngunit kalaunan ay pumunta sa iba't ibang oras ng araw, ang ikatlo, ikaanim, ikasiyam, at ang ikalabing isang oras ng araw upang kumuha ng mga tao upang magtrabaho sa ubasan at nakipagkasundo sa kanila na bayaran sila ng anumang tama para sa kanilang gawain: ***"3 At siya'y lumabas nang malapit na ang ikatlong oras, at nakita ang mga iba sa pamilihan na nangakatayong walang ginagawa; 4At sinabi niya sa kanila, Magsiparoon din naman kayo sa ubasan, at bibigyan ko kayo ng nasa katuwiran. At nagsiyaon ng kanilang lakad sa ubasan. 5Lumabas siyang muli nang malapit na ang mga oras na ikaanim at ikasiyam, at gayon din ang ginawa. 6At lumabas siya nang malapit na ang ikalabingisang oras at nakasumpong siya ng mga iba na nangakatayo na walang ginagawa; at sinabi niya sa kanila, Bakit kayo'y nangakatayo rito sa buong maghapon na walang ginagawa? 7At sinabi nila sa kaniya, Sapagka't sinoma'y walang umupa sa amin. Sinabi niya sa kanila, Magsiparito din naman kayo sa ubasan." (Mateo 20:3-7)*** Dito mapapansin natin na tatlong beses na inulit ang Salitang **'walang ginagawa'**. Nang nakita at natuklasan niya ang iba na nakatayo na walang ginagawa ay kumilos siya at isinugo sila upang gawin ang gawain sa ubasan, at tinanong pa niya ang huling grupo, ***"Bakit kayo nakatayo dito buong araw na walang ginagawa"*** dahil ayaw ng ating Panginoong Jesus na makita ang isang taong walang ginagawa, tamad, at walang trabaho kundi maging masigasig sa paggawa, lalo na ang gawain ng Diyos. Ang Diyos ay nagmamalasakit sa iyo at at nariyan Siya na handang makasama ka Niya upang maglingkod sa Kanya. Kaya laging tanungin ang iyong sarili kung para saaan ka nilikha ng Diyos kay Cristo, at manalangin sa Panginoon upang ipakita sa iyo at gabayan ka at akayin ka sa gawain na inihanda Niya nang maaga para sa iyo na gawin.

Kay Cristo Jesus tayo ay nilikha upang gawin ang mabuting gawain na inihanda ng Diyos nang maaga para sa atin, ***"10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10)***

Kahit walang nag-aalala sa inyo at handang makipagtulungan sa inyo, ilagay sa inyong isipan na naroon ang Panginoon, tulad ng ginawa Niya nang lumabas Siya upang upahan ang mga nasa ikalabing isang oras, "6 ***At lumabas siya nang malapit na ang ikalabingisang oras at nakasumpong siya ng mga iba na nangakatayo na***

***walang ginagawa; at sinabi niya sa kanila, Bakit kayo'y nangakatayo rito sa buong maghapon na walang ginagawa? 7At sinabi nila sa kaniya, Sapagka't sinoma'y walang umupa sa amin. Sinabi niya sa kanila, Magsiparito din naman kayo sa ubasan." (Mateo 20:6-7)*** Ang Diyos ay nagmamalasakit sa iyo at nariyan Siya na handang makasama ka Niya upang maglingkod sa Kanya. Kaya laging tanungin ang iyong sarili kung ano ang para sa Diyos nilikha ka kay Cristo, at manalangin sa Panginoon upang ipakita sa iyo at gabayan ka at akayin ka sa gawain na inihanda Niya nang maaga para sa iyo na gawin.

Kaya't dito ang Panginoon din ay nagmamalasakit tungkol sa ating pag-uugali at nais Niya sa atin na magsikap at magsipag, kamuhian ang katamaran, at magkaroon ng malasakit sa Kanyang gawain, at kaagad pumunta sa direksyon na nais Niyang pumunta tayo upang matapos ang gawain, at walang gaanong pag aalala kung magkano ang ating matatanggap mula sa paglilingkod na ating ibibigay.

Ang masamang pag-uugali ng mga manggagawa ay hindi katanggap-tanggap, ngunit itutuwid ng Panginoon gaya ng ating nakita at natuklasan sa talinghagang ito. Hiindi lamang gagantimpalaan ka ng Diyos para sa iyong ginawa kundi itutuwid ka rin Niya sa masamang pag-uugali at haharapin ka at pagagalingin ka mula sa masamang pag-uugali.

Ang panahon na binigyan ka ng Panginoon kung anong nararapat sa iyo, ito din ay magiging panahon na itutuwid ka rin Niya. ***"8 At nang dumating ang hapon, sinabi ng panginoon ng ubasan sa kaniyang katiwala, Tawagin mo ang mga manggagawa, at bayaran mo sila ng kaupahan sa kanila, na mula sa mga huli hanggang sa mga una." (Mateo 20:8)*** Narito ang panginoon ng ubasan ay sinabi sa sinabi sa kanyang katiwala na tawagin ang mga mangagawa at bayaran sila at upahan sila, at sinimulan niya mula sa mga nahuli at binigyan niya ang kanilang kaupahan una at binigyan sila ng isang denario, ***"9At paglapit ng mga inupahan nang malapit na ang ikalabingisang oras ay tumanggap bawa't tao ng isang denario." (Mateo 20:9)***

Ang suliranin ay nagumpisa nang ang unang pangkat ay lumapit upang malaman na sila'y tumanggap ng parehong halaga ng salapi, isang denaryo sa isang araw, ang katulad sa ibang pangkat kahit na ang nahuling sumama sa gawain para sa isang oras lamang, ***"10 At nang magsilapit ang mga nauna, ang isip nila'y magsisitanggap sila ng higit; at sila'y nagsitanggap din bawa't tao ng isang denario. 11At nang kanilang tanggapin ay nangagbulongbulong laban sa puno ng sangbahayan," (Mateo 20:10-11)*** Sa gayon sila'y nagumpisang nangagbulungan at nagreklamo laban sa puno ng sangbahayan, dahil iniisip nila na dapat silang tumanggap nang higit nang nakita nilang binigyan niya ng isang denario ang mga inupahan sa nahuling oras.

Iniisip nila na minamaltrato sila ng may ari ng lupa, kaya't nagsimula silang makipagtalo sa kanya, ***"12 Na nangagsasabi, Isa lamang oras ang ginugol nitong mga huli, sila'y ipinantay mo sa amin, na aming binata ang hirap sa maghapon at ang init na nakasusunog." (Mateo 20:12)*** Totoo na sila ay nagtrabaho ng mahabang oras at binata ang hirap at ang init ng araw ngunit ang katotohanan at ang aktuwal na katotohanan ay hindi katulad niyaon at ipinaliwanag din niya ito sa kanila. ***"13 Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa isa sa kanila, Kaibigan, hindi kita iniiring: hindi baga nakipagkayari ka sa akin sa isang denario?" (Mateo 20:13)*** Sinabi niya sa kanila na siya ay nakipagkasundo sa kanila na tungkol sa kanilang upa, at hindi sila dapat lumapit ngayon at makipagtalo, magreklamo at magbulong-bulong laban sa kanya. Hindi ka dapat makipagtao, magreklamo at magbulong-bulong laban sa Panginoon, ngunit sa halip ay patuloy na ituon na gawin ang iyong takdang gawain at ang gawain na ipinagkatiwala na gawin sa iyo ng Panginoon.

Bukod pa rito ay pinagsabihan niya ang mga taong nagngangalit laban sa kanya na inutusan sila na umalis at patuloy na magtrabaho, at na patuloy niyang gagawin ang kanyang ginawa, ***"14 Kunin mo ang ganang iyo, at humayo ka sa iyong lakad; ibig kong bigyan itong huli, nang gaya rin sa iyo." (Mateo 20:14)*** Ang Panginoon dito ay sinasaway ka at inuutusan kang muli na yumaon at ipagpatuloy ang iyong gawain at paglilingkod sa Diyos, sapagkat hindi siya makikinig at yuyukod sa iyong pagbulong bulong at pagmamaktol at sa iyong gusto.

Nang nakilala natin ang Panginoong Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay JesuCristo ang ating Panginoon, ang Panginoon ay may mabuting plano para sa atin upang makamit at upang tupdin sa ating buhay. Gayundin sa bawat isa sa atin mayroong tiyak na mga plano, kahilingan at inaasahan at at kapag nagkamali o hindi natutupad ang inaasahan natin, o kapag hindi natupad ang ating mga plano, malamang na magkasala tayo sa Panginoon sa pamamagitan ng pagrereklamo sa Kanya, at sa iba.

Bakit ang mga tao at kahit ikaw ay nagrereklamo laban sa Panginoon at laban sa iba na nasa namumuno? Mayroong ilang mga kadahilanan sa likod niyaon at gaya ng sumusunod:

A. Walang kasiyahan at hindi kuntento sa kung anong mayroon tayo/ikaw at tinanggap mula sa Panginoon.

B. Ang hindi natutugunan na pag-asa at sa gayon ay nagiging sanhi ng pagkabigo, ng kung ano ang nais nila o ikaw, at ng kung ano ang kanila o ikaw ay nagnanais at hindi natutugunan. Ang ilan sa iyong inaasahan ay maaaring hindi kalooban ng Diyos para sa iyo, kaya kailangan mong mag isip muli at isaalang alang bago ka magreklamo.

***C.*** Sa pagiging mapaghili sa iba. Minsan ikaw ay nagrereklamo dahil ikaw ay nanaghili sa iba na mayroon mga bagay nang higit kaysa mayroon ka. Ang Diyos ay may karapatang ibahagi kung ano ang pag-aari Niya gaya ng Kanyang nais, ***"15 Hindi baga matuwid sa aking gawin ang ibig ko sa aking pag-aari? o masama ang mata mo, sapagka't ako'y mabuti ?'' (Mateo 20 :15)*** Ngunit kahit na, ang Panginoon ay walang itinatangi, Siya ay isang matuwid na Diyos at walang itinatanging tao, ***''25 Sapagka't ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masama na kaniyang ginawa; at walang itinatanging mga tao.'' (Colosas 3 :25)***

***D.*** Ang paghahambing ng iyong sarili sa iba. Minsan nakikita mo ang mga tao na nagtatrabaho ng kakaunti kaysa sa iyo ngunit sila'y may higit kaysa anong mayroon ka. Hindi ibig sabihin niyaon ay itinatangi sila ng Diyos kaysa sa iyo. Isaalang-alang lamang ang katotohanang ito: Binigyan ka ng Diyos ng ilang bagay sa ilang aspeto higit pa sa mga taong inihahambing mo sa iyong sarili ngunit hindi mo namamalayan.

Ang panganib ng paraan ng pag-iisip na ito ay hindi lamang magdudulot ng pagbulong-bulong laban sa Diyos at laban sa mga tao na nakapalibot sa iyo kundi ito'y maghahatid sa iyo sa pagpigil at pag-alis mula sa paggawa ng pinakamahusay sa Pangioon at mula sa paggawa sa Kanya na ididekta sa iyong buong buhay. At iyon ay mapanganib na pag-uugali na maaring mag-alis ng pagpapala sa iyo at dalhin ka sa mababang antas, "***16 Kaya't ang mga una'y mangahuhuli, at ang mga huli ay mangauuna." (Mateo 20:16)*** Sa ganoong pag-uugali ang una'y mahuhuli at ang huli ay mauuna.Tinatawag ng Diyos ang lahat ngunit ang pag-uugali ng mga tao ang magpapasiya kung pipiliin sila ng Diyos o hindi. Ang mga taong may masamang ugali kahit na sila ang unang tinawag sa gayon sila ay magiging huli dahil sa kanilang masasamang ugali, at ang mga may mabuting pag uugali maging sila ang nahuling tinawag Niya sa gayon sila ang magiging una dahil sa kanilang magagandang pag-uugali

Maraming tao kapag sila'y nagtrabaho sila'y nagtatrabaho ayon sa sahod o sa mga benepisyo na kanilang natatanggap at marami sila ay hindi gagawa ng mabuti kung hindi maayos ang pagtrato. Nakakalungkot sabihin ganyan din ang ginagawa nila sa paglilingkod nila sa Diyos, pero hindi iyan ang gusto ng Panginoon sa atin. ***"23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; 24Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo." (Colosas 3:23-24)***

Ang talinghaga ng mga manggawa sa ubasan ay itinuturo sa atin ang ilang mga simulain sa Kaharian ng Diyos na kailangan natin isaalang-alang at sundin sa ating buhay.

***1.*** Kapag ginagawa natin ang pinakamahusay sa Panginoon hindi ibig sabihin na gumagawa tayo ng higit, kundi ginagawa lamang natin ang dapat nating gawin. ***"25 At siya'y magiging katuwiran sa atin, kung ating isagawa ang buong utos na ito sa harap ng Panginoon nating Dios, gaya ng iniutos niya sa atin." (Deutronomio 6:25) "10 Gayon din naman kayo, pagka nangagawa na ninyo ang lahat ng mga bagay na sa inyo'y iniutos, inyong sabihin, Mga aliping walang kabuluhan kami; ginawa namin ang katungkulan naming gawin." (Lucas 17:10)***

***2.*** Sa Kaharian ng Diyos natatanggap ng mga tao ang kanilang kailangan at hindi ang kanilang kagustuhan. Ang tunay nating kailangan ay ang walang hanggang buhay. Nang tinanggap natin si Jesus at sinimulang sumunod sa Kanya ipinangako Niya sa atin ang walang hanggang buhay kung patuloy tayong tatalima sa Kanyang salita mga daan. Walang sinuman na makakapasok sa Kaharian ng Diyos kasaman natin na gagawa ng kaunti kaysa sa pagsunod sa Panginoon ng buong puso. Yaog mga nagrereklmo sa talinghaga, kung sila'y mag-iisip lamang; sa susunod na araw sa mga inupahan sa huling oras, dapat silang mag-ulat nang maaga at sa unang oras ng araw at batahin ang init ng araw at ang mahabang oras ng hirap hg trabaho.

***3.*** Patuloy na tinatawag ng Diyos ang mga tao na may iba't ibang antas ng moral na tagumpay at espirituwal na pribilehiyo upang maglingkod sa Kanya at magtrabaho sa Kanyang ubasan. Kaya inaalagaan ng Diyos ang mga tao na maglingkod sa Kanya at dapat iyan ang nasa inyong isipan upang malaman ninyo kung ano ang gagawin sa Diyos; para maglingkod sa Kanya.

4. Wala tayong Karapatan na tanungin ang Diyos na bigyan tayo ng higit kaysa nasa ating kamay. Sapagkat ang tinanggap natin ay walang hanggang buhay at dapat nating pahalagahan iyon.

5. Ang Diyos ay hindi di makatarungan sapagkat ibinigay Niya ang ipinangako Niya, ***"13 Datapuwa't sumagot siya sa isa sa kanila, at nagsabi, Kaibigan, wala akong ginawang masama sa iyo: hindi ba nakipagyari ka sa akin sa isang denario?" (Mateo 20:13 KJV)*** Ang isang denario ipinangako Niya ay ang buhay na walang hanggan.

6. Ang Diyos ay may pinakadakilang kalayaan na gawin ang Kanyang nais. Nasa Kanya na ang pagbibigay sa atin ng higit pa. Kung nais ng Diyos na maging mapagbigay nang higit pa sa atin na nasa Kanya; pero hindi sa atin ang mangailangan.

7. Huwag ka dapat managhili kung ang Diyos ay mapagbigay sa iba. Ang Diyos ay mabuti din sayo sa maraming mga antas, huminto at bilangin ang iyong mga pagpapala! Gayundin kung ang Diyos ay mapagbigay sa iyo, huwag mong sabihin sa Kanya na ihinto Panginoon ang mga pagpapala sa akin.

8. Mas magpasalamat kaysa magreklamo dahil ang mapagpasalamat na ugali ay gagantimpalaan. Ngunit ang mga reklamador ay makikita nila ng kanilang sarili palabas.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tinawag tayo na maglingkod sa harap ng Panginoon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tamang pag iisip at tamang pag uugali ng mga Kristiyano, maging masipag, mapagpasalamat, magpasalamat, at tapat sa Kanya. Huwag kailanman ihambing ang iyong sarili sa iba, huwag kailanman tanungin ang Diyos at tanungin Siya kung bakit, at huwag kang susuko sa paggawa ng mabuti. ***"9 At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod. 10Kaya nga, samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya." (Galacia 6:9-10)***

***Ang Aking Panalangin****: Ama Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa aral na natanggap ko ngayon mula sa iyong Salita, at iyon ay nagawa kung malaman kung paano mo nais na mabuhay ako para sa iyo. Panginoon Ipinagpangako ko ang aking sarili na buong pusong magsikap na maglingkod sa iyo at lumakad sa iyong mga landas sa anuman ang sitwasyon o ang mga pangyayari dahil alam ko na naghanda ka ng isang lugar para sa akin sa Langit,*

*Magsisi at talikuran ang inyong mga kasalanan; pagbulong bulong, pagrereklamo, pakikipagtalo sa Diyos, naiinggit at nanaghili sa iba, katamaran at walang kahandaang magsikap at magsumiigasig. Panginoon nagsisisi ako at tinatalikdan ang lahat ng sumusunod na kasalanan ---______________. Panginoon inilalaan ko ang aking sarili upang maglingkod sa iyo nang buong puso at upang ipuhunan ang lahat ng mayroon ako sa iyong paglilingkod.*

*Panginoon Ipinagpangako ko ang aking sarili na ipamuhay ang aking buhay ayon sa iyong Salita, itinatanggi ang aking sarili, namumuhay bilang tunay na disipulo mo, at nagdadala ng bunga ng Banal na Espiritu, na sagana sa pag ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan at pagpipigil sa sarili. Tulungan mo ako Panginoon na gawin iyan at mabuhay ako sa ganoong paraan.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at paging dapatin kami na abutin ang mga bagong bayan at magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon ihanda mo kami sa iyong pagparito na yayaon kami kasama mo kapag ikaw ay dumating upang kunin kami. Pangioon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin ang iyong kamay na mapasaamin at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pag ibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Talinghaga ng mga Manggagawa sa Ubasan. Mateo 20:1-16. Efeso 2:10. Mga Taga Colosas 3:23-25. Deuteronomio 6:25. Lucas 17:10. Mga Taga Galacia 6:9-10.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com